



Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION
J.P. Rosales Avenue, Butuan City



July 23, 2018

MEMORANDUM PANREHIYON

Blg. 381 s, 2018

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018



Sa mga:

Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagamasid Pandibisyon sa Filipino
Pinuno ng mga Pampubliko at Pamprivadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wika 2018** tuwing ika -1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s.1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wika ng Saliksik*.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 s.1997;
 - b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;at
 - c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
 - b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
 - c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang - Bayan; at
 - d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.
4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuoin at isasagawa sa isang buwang

pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng programa.

5. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


BEATRIZ G. TORNO, Ph.D., CESO IV
Regional Director

Enclosure: none

Reference: DepEd Memo No. 119 s. 2018

To be indicated in the PERPETUAL INDEX under the following subjects:

**CELEBRATIONS
CURRICULUM**

**FESTIVAL
LEARNING AREA, FILIPINO**

Clmd04/cmc
07/23/18